




Leveled Reader

in Filipino

Ang Matapang na si Tori



Isinulat ni Kim Sokna
Iginuhit ni Seat Sopheap
Sinuri ni Neriza C. Pesigan



Taon-taon, sama-samang nagdiriwang ang mga kuliglig sa lambak. May iba't ibang paligsahan sa larangan ng pagsayaw, pagkanta, at paglipad.



Kinagigiliwan ni Tori na manood tuwing may paligsahan sa paglipad. Ngayong taon, nagpasya siyang sumali.



Nagpalista si Tori upang makasali sa pabilisan sa paglipad, ngunit pinigilan siya ng pinunong kuliglig.

“Para lamang sa mga lalaking kuliglig ang paligsahang ito at hindi sa mga babae,” sabi ni pinunong kuliglig.”



“Hindi tama ito! Mabilis din akong lumipad! Masdan ninyo!” Dali-daling bumuwelo si Tori ngunit siya ay natisod at tuluyang nahulog.

“Arayyyyyyyyy!” sigaw ni Tori. Biglang nagtawanan ang lahat ng mga lalaking kuliglig.



Hindi basta-basta nawalan ng pag-asa si Tori. Umuwi siya at kinausap ang kaniyang mga magulang.

“Itay, maaari po bang turuan ninyo akong lumipad nang mabilis?”

“Mag-aral ka na lang umawit, Tori,” tugon ng kaniyang ama.




“Inay, nais ko pong sumali sa pabilisan sa paglipad,” pilit ni Tori.

“Lalaking kuliglig lamang ang sumasali sa ganoong paligsahan.”



Malungkot si Tori sapagkat walang nais na tumulong sa kaniya.

“Bakit hindi maaaring sumali ang kababaihan sa paligsahan sa paglipad?” tanong niya sa sarili. Nagpasya si Tori na kumilos mag-isa. Palihim siyang magsasanay sa paglipad, sasali sa paligsahan, at tuluyang magwawagi!



Naging mahirap ang kaniyang pagsasanay sa paglipad katulad ng mga nagkakarera. Ang kaniyang pagod na pakpak ay halos lumagutok sa malakas na hampas ng hangin. Tila malapit na siyang sumuko.



Siya’y nagpahinga saglit sa isang sanga, saka siya may narinig na tunog. “Tsip! Tsip!”

Sa kabilang panig ng lambak, isang inang ibon ang nagtuturo sa kaniyang inakay na lumipad.

“Huwag kang matakot na lumipad,” sabi ng inang ibon.

“Maging matapang ka, kayang-kaya mong lumipad!”



Alam ni Tori na malakas ang kaniyang loob na sumali sa paligsahan. “Kayang-kaya ko ito!” sigaw niya.

Tumalon si Tori sa himpapawid at nakauwi ng kanilang tahanan sa pinakamabilis na oras.




Dumating na ang takdang araw
ng paligsahan sa paglipad.
Sumingit siya sa karamihan.
Walang nakapansin kay Tori sa
simula... Ngunit...
Nagulat ang lahat!
Si Tori ang nangunguna!



Malapit nang makarating sa huling linya si Tori upang manalo. Ngunit mayroon siyang nakitang papalapit na uwak, gutom ito, at nais dagitin ang kaniyang mga kasama.

“Naku! Hindi!” sabi niya sa sarili.

“Kailangan kong iligtas ang mga kapuwa ko kuliglig!”



Matapang na lumipad si Tori
upang harapin ang uwak.

“Hoy, uwak!” sigaw niya.

“Halika rito! Ako ang hulihin
mo!”

Hinabol siya ng uwak, habang
tuluyan ng may ibang kuliglig na
nagwagi sa paligsahan.



Nasira ang pakpak ni Tori
nang makagat ito ng uwak.
Lumagapak siya sa lupa malapit
sa matinik na halamanan.
Muling sumalakay pababa ang
uwak. Buti na lamang at mabilis
na nakapagtago si Tori sa ilalim
ng halamanan.



Nagpumilit ang uwak papunta sa
matinik na halamanan.


“Kaw! Kaw!” ang sigaw ng uwak.
Sinubukan niyang igalaw ang
kaniyang mga pakpak ngunit
hindi na niya ito maikilos.



Pumiglas ang uwak hanggang tuluyan siyang nakawala sa matinik na halamanan at lumipad papalayo.

“Huwag ka nang babalik dito!”
sabay-sabay na sigaw ng mga kuliglig.

Isang mabait na kuliglig naman ang tumulong kay Tori pabalik sa dulo ng linya upang matapos niya ang paligsahan.



Nakaabang ang mga magulang ni Tori sa kaniya. Binigyan nila si Tori ng gintong trofeo.

“Tori, pinatunayan mong ikaw ay matalino, mabilis, at matapang. Ikaw ang nagwagi!”

“Mabuhay si Tori!” sigaw ng lahat ng kuliglig.

“Mabuhay ang matapang na si Tori!”



USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE



The Asia Foundation